# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 21, 2024, LUNES, IKA-09:50 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad – may karamdaman |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGG. BAYAN RELEASED NAME DATE 11/19/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 363-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 090-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 026-T2024 NG BARANGAY LABUIN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAILABAS ANG TRUST FUND – QUICK AT PONDO MULA SA QUICK RESPONSE NG BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT FUND NG TAONG 2019 – 2023 NA MAY KABUUANG HALAGANG P250,000.00 UPANG IPAMBILI NG ISANG PRESSURE WASHER (P10,600.00); ISANG POWER SAW (P26,000.00); DALAWANG GRASS CUTTER (P20,800.00); ISANG POWER GENERATOR (6,500W) (P59,100.00); DALAWANG RETRACTABLE TENT (3X4) (P69,900.00); AT ISANG RETRACTABLE TENT (3X5) (P41,900.00) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Labuin sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 090-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 026-T2024 na mailabas ang Trust Fund – Quick at pondo mula sa Quick Response ng Barangay Disaster Risk Reduction Management Fund upang ipambili ng mga kagamitang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony M. Juangco, at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 090-T2024 / Kautusan Sa Paglalaan Blg. 026-T2024 ng Barangay Labuin, Santa Cruz, Laguna na mailabas ang Trust Fund – Quick at pondo mula sa Quick Response ng Barangay Disaster Risk Reduction Management Fund ng taong 2019 – 2023 na may kabuuang halagang P250,000.00 upang ipambili ng isang Pressure Washer (P10,600.00); isang Power Saw (P26,000.00); dalawang Grass Cutter (P20,800.00); isang Power Generator (6,500w) (P59,100.00); dalawang Retractable Tent (3x4) (P69,900.00); at isang Retractable Tent (3x5) (P41,900.00) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng Labuin, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 21, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24